ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 18

Setyembre 21, 2019

www.cpp.ph



EDITORYAL

# Puspusang labanan ang pasismo ng rehimeng Duterte

Halos limang dekada na ang nakalipas nang ipinailalim ni Ferdinand Marcos ang buong bansa sa batas militar na nagbunsod ng kanyang brutal na paghaharing diktadura. Sa loob ng 14 na taon, matapang na lumaban ang mamamayang Pilipino sa lahat ng larangan ng pakikibaka.

Napapailalim ngayon ang sambayanang Pilipino sa katulad na pasistang brutalidad at kabangisan sa harap ng hindi-deklaradong batas militar ng rehimeng Duterte. Ang mga atake laban sa bayan ay mas walang-habas at mas malawakan, partikular sa dami ng pagpatay na kagagawan ng mga pwersa ng estado.

Ang rehimeng Duterte ay isang pasistang estadong may manipis na tabing. Ginagamit ni Duterte ang halos absolutong kapangyarihan, gamit ang militar at pulis bilang mga armadong ahente na tagapagpatupad ng lahat ng kanyang dikta. Gamit niya ang antikomunismo at antiterorismo bilang nakapangingibabaw na ideolohiya para bigyang-matwid ang walang-habas na atake laban sa mga sibilyan, sa mga kaaway niya sa pulitika at lahat ng demokratikong pwersa. Binibigyan ng buong kontrol ang militar sa ngalan ng "whole of nation approach" o "buong bayan na kaparaanan" sa kontra-insurhensya.

Namumuno si Duterte sa isang huwad na demokratikong gubyerno. Dahil sa kanyang mga paraang tiraniko, halos nawalan na ng saysay ang kongreso at mga korte. Lahat ng demokratikong pwersa ay pinatatahimik, tinatakot, pilit pinanawawalangsaysay, ginagawang pasi-

*"Puspusan...," sundan sa pahina 2*

## Kagamitang militar, nakumpiska ng BHB-Negros

NAGLUNSAD NG MATAGUMPAY na taktikal na opensiba ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Negros bilang tugon sa tumitinding panunupil ng reaksyunaryong rehimen sa rehiyon.

Noong Agosto 8, 2019, inambus ng BHB-Central Negros ang mga elemento ng 62nd IB sa Sityo Buyuron, Barangay Buenavista, Himamaylan City. Patay sa opensiba si PFC Joel Parenas habang sugatan naman ang ilan sa kanyang mga upisyal at tropa. Pinagtatakpan naman ng mga berdugong AFP ang tunay na bilang ng kaswalti sa kanilang hanay. Nakumpiska mula sa kanila ang siyam na magasin, mga bala, bakpak at iba pang kagamitang militar.

Bago nito, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng AFP sa Barangay

*"Kagamitan...," sundan sa pahina 3*

"Puspusan...," mula sa pahina 1

bo at ginagapi sa isang todong gera ng panunupil.

Isang pasistang demagogo o manloloko si Duterte. Ginagamit niya ang popular na sentimyento at hinaing ng malawak na masa upang palabasing kabilang siya sa kanila. Nais niyang kunin ang suporta ng mamamayan at impluwensyahan ang masa habang ipinapataw ang mga patakaran na nang-aapi at nagpapahirap sa kanila.

Sobrang sama ng ginawa niyang pambabaluktot sa kasaysayan, itinanghal si Marcos bilang bayani at pinapupurihan ang awtoritaryanismo sa makasariling layuning bigyang-matwid ang kanyang tiraniya at ambisyong diktadura. Sa paghirang sa malaking bilang ng mga dating upisyal ng AFP, pinapupurihan niya bilang disiplinado at mapagkakatiwalaan ang mga upisyal ng militar, at pinagtatakpan ang mahaba nilang kasaysayan ng pag-abuso sa mga karapatang-tao at pagkasangkot sa mga sindikatong kriminal at korapsyon.

Hayagang hinikayat ni Duterte ang militar at pulis na isagawa ang mga ekstrahudisyal na pagpatay at panggagahasa. Tahasan niyang inutusan ang mga pwersang panseguridad ng estado na balewalain ang mga karapatang-tao.

Ang pasismo ni Duterte ay hindi-nahahangganang teroristang paghahari ng pinakareaksyunaryo sa hanay ng mga naghaharing uri ng malalaking burgesyang kumprador, panginoong maylupa at burukrata-kapitalista sa bansa. Kinakatawan ni Duterte ang pinakasakim at pinakahayop na bahagi ng naghaharing mga reaksyunaryo. Iisang balitok ang pinagmulan nila ng mga Marcos, Arroyo at iba pang pinakamasahol sa korapsyon at pang-aapi. Nasa tugatog siya ngayon ng burukrata-kapitalistang hagdan at ginagamit ngayon ang pasismo upang puksain lahat ng hahamon at lalaban.

Ang mga pwersang nagsusulong ng demokratikong interes ng masang api ay pinagkakaitan ng puwang ng pasismo ni Duterte. Target wasakin ang mga militanteng unyon at organisasyong manggagawa, patriyotikong grupong mag-aaral, mga asosasyong magsasaka na sumisigaw ng tunay na reporma sa lupa at iba pang demokratikong organisasyon. Layunin nitong hadlangan ang pag-alsa ng masa sa isang demokratikong pagbabangon. Itinatayo ang pasistang-tipo ng mga organisasyong "maka-Duterte" para atakehin ang iba't ibang demokratikong organisasyon at palabasing mayroong suportang masa ang kanyang kamuhi-muhing rehimen.

Ang paggamit ng pasismo ng naghaharing pangkating Duterte ay tanda ng kawalang kakayahan ng reaksyunaryong mga uri na maghari sa dating paraan na tinatabingan ng mga prosesong burges-demokratiko ang lantarang terorismo ng estado. Bunga ito kapwa ng malalim at mabagsik na ribalan sa hanay ng mga naghaharing uri, at ng patuloy na lumalakas na hamon sa kanilang paghahari ng organisadong paglaban ng mga uring api at pinagsasamantalahan. Gayunman, lalong pinahihina ng pasismo ang naghaharing estado dahil pinasisidhi nito ang mga kontradiksyon hindi lamang sa pagitan ng masang api at ng naghaharing estado, kundi maging sa pagitan ng magkakaribal na paksyon ng mga naghaharing uri.

Noong 1972, idineklara ni Marcos ang batas militar, winasak sa isang dekreto ang buong naghaharing sistemang pampulitika at itinatag ang kanyang diktadura. Nang bumagsak si Marcos, ang ibinasura niyang burges-demokratikong mga gayak ng naghaharing sistema ay ibinalik sa ilalim ng Konstitusyong 1987. Ang mga ito ay mabilis ngayong naagnas sa pasistang kaayusang itinatatag ni Duterte.

Dapat mahigpit na labanan at sikaping wakasan ng sambayanang Pilipino ang paghahari ng pasistang terorismo. Dapat nilang ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan at isigaw ang katarungan. Puspusang makibaka upang pigilan ang plano ni Duterte na palawigin ang kanyang paghahari, at igiit na siya'y managot sa lahat ng

"Puspusan...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo L Blg. 18 | Setyembre 21, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Puspusang labanan ang pasismo ng rehimeng Duterte 1
Kagamitang militar, nakumpiska ng BHB 1
Pinatinding pagsupil sa mga maralita 3
Atake sa mga maralita ng Pandi 4
Pekeng mga palabas ng AFP 5
Kadete ng PMA, patay sa *hazing* 5
Pagdanak ng dugo sa Bukidnon 6
Ika-70 taon ng Rebolusyong China 7
Protestang bayan laban sa diktadura 8
Resolusyon para sa mga magsasaka 9
Protesta laban sa panunupil 9
Tigil pasada sa Valenzuela 9
Atake sa Saudi Arabia 9

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Puspusan...," mula sa pahina 2

kanyang krimen.

Ilunsad ang walang kapagurang kilusang propaganda sa hanay ng masa laban sa pasistang panloloko at mga kasinungalingan ni Duterte. Tuligsain ang paggamit ni Duterte ng absolutong kapangyarihan, ang kanyang pagtataksil sa bayan at korapsyon. Ilantad ang kalokohan at korapsyon sa likod ng mga pekeng "surender" at deklarasyong "persona non grata."

Palawakin at patatagin ang mga demokratikong organisasyon sa kalunsuran at kanayunan. Huwag pabayaang maging pasibo sa harap ng pananakot. Aktibong pasiglahin ang mga ito bilang sandata para sa pagtatanggol at pagsulong ng interes ng masa. Lipusin ng tapang ang buong bayan para isulong ang kanilang mga pakikibakang pangkabuhayan, ang pagtatanggol sa mga karapatan, at ang mahirap na pakikibaka laban sa pasistang tiraniya ni Duterte.

Patuloy na nagsasama-sama ang lahat ng demokratikong pwersa at ibayong pinalalawak ang anti-pasistang nagkakaisang prente laban sa rehimeng Duterte. Nagtitipon-tipon ang mga api at pinagsasamantalahan, ang mga intelektwal at propesyunal, mga akademiko, taong-simbahan, manggagawang pangkultura, mga taong-midya, kababaihan, kabataan at ang anti-Duterteng oposisyong pulitikal. Samantalahin ang ribalan sa hanay ng naghaharing pangkatin. Maging mulat sa mga pihit ng sitwasyon upang ibwelo ang pagpukaw at pagpapakilos sa masa. Ibayo pang magsikhay upang tipunin ang daan-daang libo at milyong mamamayan sa iba't ibang anyo at larangan ng paglaban para wakasan ang rehimeng US-Duterte.

Nagsilbing pinakamatibay na muog ng antipasistang paglaban ang Partido at BHB laban sa diktadurang Marcos, nagsulong ng kilusang lihim at hayag, at ng armadong pakikibaka, binigyang-inspirasyon at pinukaw ang mamamayang Pilipino na magkaisa at makibaka para sa demokrasya. Rumurok ang ilang taong antipasistang pakikibaka sa pag-aalsa ng milyun-milyong Pilipino noong 1986 na nagpabagsak sa diktadurang US-Marcos.

Ang Partido at ang BHB pa rin ang pinakamatibay na muog ng antipasistang paglaban ng sambayanang Pilipino. Dapat ibayong magpakatatag ang lahat ng kadre at kasapi ng PKP at Pulang mandirigma ng BHB at magpanday sa sarili sa ideolohiya, pulitika at organisasyon upang makapamuno at magsilbing ubod ng pakikibaka laban sa pasistang rehimeng Duterte. AB

"Kagamitan...," mula sa pahina 1

Mahalang, Himamaylan noong Agosto 1. Dalawa ang naitalang kaswalti sa hanay ng militar. Sinalakay din ng mga kasapi ng BHB ang detatsment sa Sityo Kabangahan, Barangay Hilamunan, Kabankalan City noong Hulyo 31, 2019. Hindi bababa sa tatlo ang kaswalti sa mga berdugo. AB

# Pinatinding pagsupil sa mga maralita ng Kamaynilaan



Sa kauna-unahang pulong ng bagong buong National Capital Region Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NCRTF-ELCAC) ng rehimeng Duterte noong Setyembre 10, walang batayang ipinahayag ng hepe ng pulisya sa rehiyon na si Maj. Gen. Guillermo Eleazar na pugad umano ng armadong rebolusyonaryong kilusan ang Kamaynilan, lalo na ang mga lunsod ng Caloocan, Malabon, Navotas at Valenzuela (CAMANAVA).

Kahit pa wala namang nagaganap na armadong paglaban sa rehiyon, pinalalabas niya na baseng masa umano ng kilusan ang malalawak na maralitang komunidad sa CAMANAVA. Kunwa'y iginigiit niyang kinakailangan itong pakatan ng mas marami pang pwersa ng estado sa ngalan ng pagpapanatili ng "kapayapaan at kaayusan." Subalit malinaw na hangad lamang niyang bigyang matwid ang imbing kampanyang kontra-insurhensiya na naglalayong supilin ang demokratikong mga paglaban ng mga residente para sa pabahay at regular na hanapbuhay.

Imbis na tugunan ang demokratikong mga kahilingan ng mga residente para sa disenteng pamumuhay, ginagamit ng rehimen ang NCRTF-ELCAC para maghasik ng pasistang teror hindi lamang sa nasabing mga lugar kundi pati na rin sa iba pang bahagi ng Metro Manila para sindakin at patahimikin ang mga maralita.

Ayon sa BAYAN Metro Manila, madami nang residente at aktibista sa CAMANAVA ang nag-ulat ng pandarahas sa kanila ng mga pulis at sundalo mula nang itatag ang NCRTF-ECLAC. Iniulat ng Defend the Defenders Network (DDN) na kasalukuyang pinamumunuan ni Major Jeoffrey Braganza ang pandarahas at paninindak ng mga pwersa ng estado sa mga kasapi ng KADAMAY sa Caloocan.

Bilang tugon, pinangunahan ng DDN ang protesta ng mga residente

"Pinatinding...," sundan sa pahina 4

# Patuloy na atake sa mga maralita ng Pandi

Nilusob ang upisina ng Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay) noong Setyembre 9 sa Barangay Mapulang Lupa, Pandi, Bulacan ng mga myembro ng grupong tinatawag ang sarili bilang Pagkakaisa Mamamayan Tungo sa Kaayusan. Matapos halughugin ang upisina, sinunog ng grupo ang ilan sa mga kagamitan ng Kadamay at ninakaw ang iba pa kabilang ang mahahalagang dokumento.

Ang grupong nanloob ay nagpapakilalang mga "maka-Duterte" at "anti-Kadamay. Binuo ng mga ahente ng gubyerno ang naturang grupo at nang-uudyok sa mga residente na tumiwalag sa Kadamay. Nag-aasta rin itong awtoridad sa pamamahagi ng mga "entry pass" gamit ang pangalan ng National Housing Authority. Nang maganap ang panloloob, sinamahan at guwardyado pa sila ng mga sundalo ng 48th IB at mga pulis mula sa Malolos, Angat at Pandi kasama ang hepe nito na kinilalang Placido. Nasa komunidad na ang mga sundalo mula pa noong Setyembre 4 at nanggigipit ng mga residente. Dalawang lider ng Kadamay, sina Pat Tupaz at Obet Lunzaga, ang pinagbantaang papatayin.

Ayon sa Kadamay, ang mga insidenteng ito ay bahagi ng kabuuang atake ng rehimen upang buwagin ang kanilang organisasyon at palayasin sila sa dating tiwangwang na pabahay na kanilang inokupa noong 2017. Mula noon, kaliwa't kanang paninira at pang-aalipusta ang ipinukol sa Kadamay. Pinaratangan ang organisasyon bilang "prenteng komunista," tinatakot sa pamamagitan ng pagpapaputok ng baril, at noong Mayo, iligal na dinakip ang kanilang mga myembro.

Walang pinag-iba ang mga taktikang ginamit ng rehimen sa Pandi sa madugong mga maniobra nito sa Negros, Bukidnon, Davao at iba pang lugar kung saan ginamit ang mga “anti-komunistang grupo” na hindi kaiba sa mga paramilitar na katuwang ng AFP at PNP. Pinalalabas nito na walang kaugnayan ang estado sa gayong mga grupo, pero sa katotohanan ay binuo at pinopondohan nito ang mga myembro.

Maging ang kanilang makatwirang panawagan para sa serbisyong tubig at kuryente ay ipinagkakait ng mga kaukulang

"Patuloy...," sundan sa pahina 5

---

"Pinatinding...," mula sa pahina 3

ng CAMANAVA noong Setyembre 18 sa Monumento Circle, Caloocan City para kundenahin ang tumitinding pagsupil sa kanila ng rehimen.

**Kalagayan ng mga maralita sa Metro Manila**

Bantog ang Metro Manila bilang pinakamasikip na rehiyon sa buong mundo. Sa abereyds, tinatayang nagsisiksikan sa kada kilometro-kwadrado ($km^2$) nito ang 19,988 katao. Ang Maynila naman ang pinakamasikip na lunsod na may 41,515 katao/$km^2$. Kabilang rin sa mga pinakamasikip ang Caloocan (27,915/$km^2$), Malabon (22,419/$km^2$) at Navotas (21,674/$km^2$). Konsentrado sa mga lugar na ito ang pinakamalalawak na maralitang mga komunidad sa bansa..

Dahil sa napakalaking populasyon at kawalan ng abot-kaya at disenteng pabahay, natutulak ang mga maralitang pamilya na magtayo ng mga barung-barong at makipagsiksikan sa mga estero, tabing ilog at riles, eskinita at maging sa mga tambakan ng basura. Ayon sa datos ng reaksyunaryong gubyerno noong 2014, aabot na sa 32% ng populasyon sa NCR (4.64 milyong residente) ang nagtitiis sa mga komunidad na ito, na karamihan ay walang maayos na patubig, sanitasyon at kuryente. Tinatayang papalo na ito sa 36.7% (6.3 milyong residente) pagsapit ng 2020.

Karamihan sa mga residente rito ay mula sa uring malaproletaryado na walang hanapbuhay o regular na mapagkakakitaan. Sa kabila ng patuloy na paglawak ng kanilang mga komunidad, walang kaakibat na mga programa ang rehimen para tugunan ang kanilang mga pangangailangan at nananatiling kaunti ang oportunidad sa hanapbuhay.

**Krisis sa pabahay**

Batay sa konserbatibong taya ng reaksyunaryong estado, aabot na sa 6.8 milyon ang maralitang mga pamilya sa buong bansa na mangangailangan ng pabahay pagsapit ng 2022. Sa kabuuan, kailangan ng ₱3.4-trilyong badyet para sa konstruksyon ng mga ito.

Gayunpaman, nagbubulag-bulagan ang rehimen at ipinanukala na maglaan lamang ng ₱6.2-bilyong badyet sa bagong buong Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) para sa susunod na taon. Ang ahensyang ito ang nakatalagang mangasiwa sa mga programang pabahay ng rehimen. Ang alokasyong ito ay wala pa sa 1% ng kabuuang kinakailangang badyet.

Samantala, naglaan lamang ang ng ₱3.2 bilyon sa National Housing Authority at ₱1.3 bilyon sa Social Housing Finance Corporation na nakatalagang kumatuwang sa DHSUD.

Ang kalunus-lunos na kalagayang ito at kasabay na pananalasa ng pahirap at pasistang mga patakarang gaya ng batas na TRAIN at Oplan Tokhang ng rehimen ang nagtutulak sa milyun-milyong maralita, hindi lamang sa Kamaynilaan kung hindi pati na rin sa buong bansa, na makibaka para sa kanilang mga karapatan. AB

# Pekeng mga palabas ng AFP

Desperadong nagpakana ng mga palabas at naghabi ng mga kasinungalingan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) nitong nagdaang mga araw upang palabasing nagagapi na ang rebolusyonaryong kilusan. Ginagamit din nila ang mga ito para makakubra ng dambong mula sa programang E-CLIP ng rehimen. Kabilang sa mga ito ang pagparada sa mga pwersa ng estado bilang mga kasapi umano ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), at mga pekeng engkwentro.

**Pekeng pagsurender**

Mariing binatikos ng BHB-Negros ang ipinakana ng 3rd ID na pagsurender umano ng may 310 kasapi ng Revolutionary Proletarian Army-Alex Bongcayao Brigade (RPA-ABB) bitbit ang kanilang mga armas noong Setyembre 8. Lubhang kakatwa ang palabas na ito sapagkat matapos magsurender ng mga armas, sila ay pinangakuan ng hambog na si Duterte na muling aarmasan at "bibigyan ng tangke de gera" pagkatapos sumailim sa 45-araw na pagsasanay bilang mga elemento ng Community Defense Unit. Malinaw na larawan ito ng kapitulasyon at kolaborasyon.

Ang RPA-ABB ay notoryus na kasapakat ng AFP sa pagpapatupad ng kampanyang kontra-insurhensiya sa isla ng Negros mula pa noong dekada 1990s. Ang mga tropa nito ay mga armadong mersenaryong sangkot sa mga krimen at kontra-mamamayang aktibidad, at kinakanlong at inaarmasan ng despotikong mga panginoong maylupa at kapitalistang nangangamkam sa lupa ng maralitang mga magsasaka. Pinakahuling krimen nila ang masaker sa siyam na magsasaka sa Sagay noong Oktubre 2018.

Nalantad din ang palabas na pagdakip ng PNP sa Pasig City noong Setyembre 7 sa sundalong si Joselito Novelo Naag na ipinresenta bilang mataas na upisyal ng BHB sa Bikol at may patong na P100,000 sa ulo; at palabas na pagsurender ni Jasmen Acevedo at mga kasapi ng kanyang grupong bandido sa 36th IB bilang mga kasapi ng BHB sa Surigao del Sur noong Setyembre 4.

**Pekeng engkwentro**

"Walang engkwentrong naganap sa pagitan ng BHB at 79th IB." Ito ang pahayag ng BHB-Negros matapos ibalita ng 303rd IBde na nakadakip umano sila ng mga kasapi ng BHB sa isang engkwentro noong Setyembre 17 sa Sityo Maitom, Old Poblacion, Escalante City, Negros Occidental.

Ang pakanang ito ay desperadong naglalayong magpakalat ng pasistang takot ngayong buwan para isabotahe ang paggunita ng mamamayan sa ika-34 taon ng Escalante Massacre, at pilitin silang padaluhin sa magaganap na kontra-mamamayang "peace summit" na itinaon sa parehong araw. Ginamit ng 79th IB ang engkwentro para bigyang katwiran ang operasyon at pagsikil nito sa karapatan ng mga residente ng Sityo Maitom, Barangay Old Poblacion na nagresulta sa sapilitang paglikas ng 145 residente noong Setyembre 17.

Pinasinungalingan din ng BHB-Eastern Visayas ang umano'y engkwentro sa Barangay Olera, Calbayog City, Samar noong Agosto 23 na ikinasawi ni 2Lt. Geroe Jade Nicor, Cpl. Joelito Canico at dalawa pang tropa ng 43rd IB. Anito, ang totoong naka-engkwentro ng mga sundalo ay mga armadong maton ng meyor ng Calbayog City na si Ronald Aquino. Dagdag pa nito, walang yunit ng BHB sa nasabing lugar noong panahong iyon. AB

---

*"Patuloy...," mula sa pahina 4*

ahensya. Kasabay nito ang pagpapakilos ng rehimen sa mga bayarang *troll* sa *social media* para dustain ang mga manggagawa't malamanggagawa ng Pandi. Sa kabila ng matinding panggigipit sa kanilang kabuhayan, naginisyatiba ang Kadamay na magpatakbo ng programang pangkabuhayan, dangan lamang at pinahihirapan ng mas mataas na presyo ng kuryente at tubig.

Inokupa ng Kadamay ang tiwangwang na mga pabahay matapos ang ilang bigong pakikipagdayologo sa gubyerno na tugunan ang kanilang karapatan. Nitong huli, maging ang mga myembro ng grupong nanloob ay umookupa na rin ng tiwangwang na mga pabahay gamit ang pangalan ng Kadamay. Patunay ito ng kalubhaan ng kawalan ng pabahay para sa mga maralita AB


## Kadete ng PMA, patay sa *hazing*

NOONG SETYEMBRE 18, naiulat na namatay dahil sa tinamong pambubugbog sa *hazing* ang isang kadete ng Philippine Military Academy (PMA) na si Darwin Dormitorio, 20, mula sa Cagayan de Oro. Ayon sa awtopsy, nawasak ang lamang loob ng biktima at posibleng kinuryente.

Isasailalim din sa imbestigasyon ang ilang upisyal ng PMA dahil sa tangkang pagtakpan ang tunay ng dahilan ng pagkamatay ng biktima. Unang pinalabas ng PMA na *urinary tract infection* ang sanhi ng pagsusuka ng dugo at pananakit ng tiyan ng biktima na kalauna'y ikinamatay niya. Nasa kostudiya pa rin ng PMA ang tatlong kadeteng pinaghihinalaang nanguna sa *hazing*.

Ang *hazing* ay isang pasistang tradisyon sa PMA kung saan pisikal at mental na tinotortyur ang bagong mga kadete bilang paghahanda umano sa kahirapan na maaari nilang maranasan sa panahong sila'y maging ganap nang mga sundalo. Ibinatay ito sa "initiation ritual" ng United States Military Academy West Point. AB

# Nagpapatuloy na pagdanak ng dugo sa Bukidnon




Dalawang magkasunod na pagpaslang sa mga aktibistang magsasaka ang naitala sa Bukidnon nitong nagdaang mga linggo.

Binaril at napatay ng hindi-nakilalang mga suspek si Leonides Bacong, kilalang lider ng KASAMA-Bukidnon, sa harap ng kanyang bahay sa Barangay Little Baguio, San Fernando Bukidnon noong Setyembre 11.

Binaril at napatay din ng pinaghihinalaang mga elemento ng 88th IB si Angelito Marivao, kasapi ng parehong organisasyon, sa Barangay Mabuhay sa parehong bayan. Si Marivao na ang ika-16 biktima ng pampulitikang pamamaslang sa Bukidnon ngayong taon.

Aktibong tinututulan ng KASAMA-Bukidnon ang pagpasok ng mga kumpanyang mina sa Pantaron Range.

Sa Isabela, pinaslang din ng hindi-nakilalang mga suspek si Sammy Pahayon, organisador sa komunidad, sa loob ng kanyang bahay sa San Mariano, Isabela noong Setyembre 11.

**Iligal na pag-aresto at detensyon**

Dinakip noong Setyembre 18 ng PNP San Pedro si Antonieta Setias-Dizon, dating upisyal ng Overseas Workers Welfare Administration at isa sa pinakamatagal nang organisador ng Confederation for Unity, Recognition and Advancement of Government Employees (COURAGE) sa kanyang bahay sa San Pedro, Laguna. Inaresto siya batay sa itinanim na ebidensyang baril, pasabog at subersibong mga dokumento. Pinaratangan din siyang sangkot sa kaso ng pagpaslang sa Bayugan, Agusan del Sur. Kasalukuyan siyang nakadetine sa istasyon ng pulis sa San Pedro.

Una nang nakaranas ng pandarahas si Dizon noong 2015 at natulak na magsangtwaryo at magsampa ng *writ of amparo* at *habeas data* dahil sa mga banta sa kanyang kalayaan at buhay.

Sa Quezon, dinakip at pilit na pinapirma bilang sumurender na kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Alexandrea Pacalda, aktibista sa karapatang-tao at dating kasapi ng College Editors Guild of the Philippines, ng mga elemento ng 85th IB noong Setyembre 14. Idinetine siya nang halos 30 oras sa kampo-militar sa Barangay San Miguel Dao, Lopez bago ipasa sa kostudiya ng pulisya. Tinamnan siya ng mga sundalo ng .38 kalibreng pistola at mga bala, at pinalabas na isinuko umano niya ang mga ito.

Mariing pinasinungalingan ni Pacalda ang pahayag ng militar at pulisya na boluntaryo siyang sumurender. Aniya, habang nasa detensyon ay pinagkaitan siya ng pagkain at tulog, at pinagbawalan na kumuha ng sarili niyang abugado.

Sa Negros Occidental, siyam na kasapi naman ng Teatro Obrero at National Federation of Sugar Workers ang iligal na inaresto ng mga pulis at elemento ng 79th IB sa Sityo Barca, Barangay Jonob-Jonob, Escalante City noong Setyembre 18. Tinamnan ang sinasakyan nilang dyip ng .38 at .9mm kalibreng mga pistola at mga boteng gagawin umanong mga pasabog. Kinumpiska din ang kanilang mga selpon.

Noong Setyembre 11, dinakip naman sa Sityo Pisok, Barangay Buenavista, Himamaylan City ng mga pulis si Joel Casusa, tagapangulo ng Kauswagan ng Mangunguma. Inakusahan siyang kasapi ng BHB at sinampahan ng gawa-gawang kasong bigong pagpaslang.

**Pagdukot**

Dinukot ng mga elemento ng 20th IB si Argentina Madeja, noong Setyembre 13 sa Barangay Burabod, Gamay, Northern Samar. Hindi pa rin siya nakikita at pinaniniwalaang idinetine sa kalapit na detatsment sa Barangay Guibuangan. Isang linggo bago nito, dinukot din ang magsasakang si Nario Lagrimas, residente ng Barangay E. Duran, Bobon.

**Pandarahas**

Bilang bahagi ng kampanyang saywar ng Armed Forces of the Philippines (AFP), naglunsad ito ng "awareness drive" sa iba't ibang unibersidad sa buong bansa nitong nagdaang mga linggo. Kabilang sa kanilang binisita ang Bicol University, University of San Carlos sa Cebu at Don Honorio Ventura State University sa Pampanga. Sa mga porum na ito malisyosong iniuugnay ng militar ang mga progresibong organisasyon ng mga kabataan-estudyante sa rebolusyonaryong kilusan.

Samantala, pinagbantaan din ng isang pulis si Noe Santillan, propesor sa University of the Philippines Cebu at bise-presidente ng All UP-Academic Employees Union, dahil lamang sa pagsusuot ng Mao cap (pulang sumbrero na may pulang bituin sa gitna).

**Militarisasyon at pagbabakwit**

Nagbakwit ang 93 pamilya mula sa Barangay Roxas, Lope de Vega, Northern Samar noong Setyembre 20 dulot ng pananalakay ng mga tropa ng 43rd IB sa kanilang baryo. Sapilitang hinalughog ng mga berdugo ang mga kabahayan, pinagbantaan at ginipit ang mga residente.

Noong 2018, lumikas din ang mga residente dulot ng matinding militarisasyon sa kanilang komunidad. AB

# Paggunita sa ika-70 taon ng Rebolusyong China

Marapat na alalahanin at gunitain ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas ang ika-70 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng People's Republic of China (PRC) sa darating na Oktubre 1.

Ang pagkakatatag ng demokratikong republika ay tagumpay ng demokratikong rebolusyong Chinese, isang rebolusyong hinahalawan ng inspirasyon at estratehikong mga aral ng demokratikong rebolusyon sa Pilipinas. Ang pagpundar ng sosyalismo sa China noong 1949-1977 ay isa sa pinakamaningning na tagumpay ng internasyunal na proletaryo. Ibinunsod nito ang pangalawang serye ng demokratiko at sosyalistang mga rebolusyon sa buong daigdig at naghudyat ng pangalawang pangkalahatang krisis ng imperyalismo.

Sa pagkakatatag ng PRC, napailalim ang halos sangkatlo ng mamamayan sa buong daigdig, kasama ang nasa noo'y Union of Soviet Socialist Republics (USSR), sa abante at progresibong sistema ng sosyalismo sa naturang panahon.

Idineklara ni Mao Zedong, noo'y tagapagpangulo ng Partido Komunista ng China, sa Tiananmen Square sa Beijing ang pagkabuo ng PRC. Simula ito ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon na nagtagal nang halos tatlong dekada. Sa sumunod na mga taon, nilubos nito ang demokratisasyon ng China. Itinatag nito ang demokratikong gubyernong bayan, kung saan lahat ng mga demokratikong sektor—manggagawa, magsasaka, petiburgesya at pambansang burgesya—ay pinagbuklod at pinakilos para buuin ang isang malayang lipunan.

Itinatag sa China sa lahat ng antas ang mga kongreso ng mamamayan at mga kumperensyang konsultatibo para umusbong at dumaloy ang buhay at tunay na demokrasya. Dito, buong tinamasa ng masang anakpawis ang kalayaan at benepisyo ng bagong sistema, kung saan namamayani ang kapangyarihan ng kanilang uri at gipit ang dating mapang-api at mapagsamantalang kapangyarihan ng malalaking burgesya at panginoong maylupa.

Sa ilalim ng Patido Komunista, nilubos ang reporma sa lupa sa loob lamang ng 10 taon, at pinalaya ang daan-milyong magsasaka sa pyudal at malapyudal na pagsasamantala. Itinaas nito ang produktibidad ng lupa at ng sektor ng agrikultura, at nagbunsod ng pag-unlad sa mga batayang industriya. Itinulak nito ang pagtatatag ng mabibigat na industriya, batay sa pag-unlad ng agrikultura at paglago ng industriyang magagaan.

Tinransporma nito ang agrikultura sa pamamagitan ng kolektibisasyon ng lupa, mekanisasyon ng produksyon at pagtatayo ng mga pabrika ng pagkain at iba pang produktong pangkonsumo. Mabilis ang naging pag-unlad ng produksyon at pagdami ng mga produktong sapat na nakatugon sa batayang pangangailangan ng mamamayang Chinese tulad ng pagkain, damit, pabahay at iba pa. Tinamasa ng milyun-milyon ang pagtaas ng antas ng kabuhayan at higit na napaunlad ang kanilang pangkalahatang kalagayan.

Hakbang-hakbang na pinaunlad ang ekonomya sa sistematiko at pinag-isang paraan sa mga planong may limang-taon ang haba. Itinayo ang mga kalsada at tulay, gamit ang lakas ng milyun-milyong manggagawa, para itransporma ang China mula sa isang pyudal at atrasadong bansa tungo sa isang moderno at demokratikong lipunan.

Sa gitna nito, ipinanawagan ni Chairman Mao sa mamamayan at proletaryong Chinese ang pagpapatuloy ng rebolusyonaryong pakikibaka laban sa mga elemento ng burgesya sa loob mismo ng Partido Komunista na walang awat sa pagtatangkang idiskaril ang pagsulong ng sosyalismo sa China at ilagay sa landas ng kapitalistang pagpapanumbalik ang bansa. Pinakilos nito ang mamamayan, laluna ang kabataang Chinese, noong 1966 hanggang 1976, sa isang rebolusyong pangkultura, laban sa mga pagtatangkang ito. Ang praktikang ito ang nagluwal ng teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng diktadura ng proletaryo para ikonsolida ang sosyalismo at pigilan ang panunumbalik ng kapitalismo. Ito ang isa sa pinakamahalagang kontribusyon ni Mao sa pag-unlad ng teorya at praktika ng proletaryo.

Sa loob ng sampung taon, nagawa ng proletaryong Chinese na pigilan ang panunumbalik ng burgesya sa kapangyarihan. Gayunpaman, nagapi ang proletaryo sa pag-agaw ni Deng Xiaoping at kanyang pangkatin sa kapangyarihan ng estado at pamunuan ng Partido Komunista noong 1977. Winasak ang demokratikong kapangyarihan ng mga manggagawa at magsasaka at binigyan ng bagong kapangyarihan ang mga upisyal, mga manedyer at kapitalista na magpasya ukol sa produksyon, pamumuhunan, pagbebenta, pag-eempleyo at iba pang mga usapin sa ekonomya.

Sa pagpapalaganap ng "makamerkadong" mga reporma noong 1978, ilang panahon lamang matapos mamatay si Chairman Mao, unti-unting nabaliktad at nabawi ang mga tagumpay ng mamamayang Chinese. Ikinawing ang ekonomya ng China sa pandaigdigang sistemang kapitalista sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga espesyal na sonang pang-ekonomya sa apat na

*"Paggunita...," sundan sa pahina 8*

Sa ika-47 taon ng batas militar

# Protestang bayan laban sa diktadura, inilunsad

NAGPROTESTA ANG LIBU-LIBONG mamamayan sa iba't ibang bahagi ng bansa ang noong Setyembre 20 bilang paggunita sa ika-47 taon ng deklarasyon ng batas militar ng diktador na si Ferdinand Marcos. Sa pangunguna ng mga kabataan, mariing kinundena ng mga nagprotesta ang tiraniya at tangkang magtatag ng isang diktadura ng rehimeng Duterte.

Sa Maynila, libu-libo ang nagmartsa mula Mendiola tungong Luneta Park kung saan inilunsad ang mayor na bahagi ng programa. Dumalo sa pagkilos ang iba't ibang sektor bitbit ang kanilang mga panawagan laban sa panunupil ng rehimen. Pangunahin nilang kinundena ang malawakang pagbansag nito sa mga mag-aaral, mamamahayag, magsasaka at iba pa bilang mga komunista. Tinuligsa rin nila ang tumitinding presensyang militar sa mga kampus at komunidad.

Lumahok sa pagkilos ang may 400 magsasaka at aktibista sa pangunguna ng BAYAN-Bicol. Kinundena ng grupo ang pagpapatupad sa Memorandum Order (MO) 32 at Executive Order 70 na nag-institusyonalisa sa "whole of nation" *approach* ng rehimen na epektibong nagpailalim sa bansa sa hindi-deklaradong batas militar. Nagreresulta ito sa walang puknat na paglabag sa karapatang-tao at pagsidhi ng krisis sa kabuhayan.

Iginiit ni Raoul Manuel ng Youth Act Now against Tyranny na hindi na dapat pang manumbalik ang lagim ng diktadura sa bansa.

Dumalo rin at nakiisa sa protesta ang iba't ibang grupo na kasapi ng United People's Coalition. Mariin nilang kinundena ang pagtugis at pamamaslang sa mga relihiyoso, manggagawa at tagapagtaguyod ng karapatang tao dahil lamang sa kanilang pampulitikang paninindigan at pagpapahayag ng disgusto sa mga patakaran ni Duterte.

Samantala, naglunsad din ng magkakahiwalay na protesta sa iba't ibang sentrong bayan sa buong bansa kabilang ang Los Baños, Baguio, Angeles, Tarlac, Cebu, Iloilo at Davao City. AB

---

*"Paggunita...," mula sa pahina 7*

baybaying bayan, at sa kalauna'y sa kalapit pang mga bayan. Inengganyo niya ang pagpasok ng dayuhang kapital hanggang sa mga interyor na bayan sa pamamagitan ng napakababang pasahod sa mga manggagawang Chinese. Nagresulta ito sa pagkawasak ng sistemang komunal na produksyon, at malawakang kumbersyon ng lupang agrikultural tungo sa mga industriyal na engklabong nakatuon sa eksport. Ginamit ng mga kapitalistang Chinese ang mga daan, pantalan, paliparan, pabrika at komunidad ng mga manggagawa na itinayo sa panahon ng sosyalistang konstruksyon para sa kanilang pribadong akumulasyon ng tubo.

Tinahak ng China ang kapitalistang landas, na hungkag na tinawag ni Deng na "sosyalismong may katangiang Chinese" at isinadlak ang lipunan at ekonomyang Chinese sa mga krisis na likas sa sistemang ito. Nangibabaw ang kapangyarihan ng mga monopolyong burukrata kapitalista at ang kasosyo nilang mga monopolyo kapitalistang lokal at dayuhan. Natapos ang ilang dekadang walang kapantay na kapitalistang paglawak ng ekonomya dulot ng liberalisasyon ng kapital, serbisyo at kalakalan, malawakang kumbersyon ng lupa, walang kapantay na pagpiga ng tubo sa sarili nitong mga manggagawa, ispekulasyon sa kapital at sa *real estate*.

Itinuturing na ngayong pangalawang pinakamalaki ang ekonomya ng China at tinatayang uungusan ang ekonomya ng US sa darating na mga taon. Gayunman, sadlak ngayon ang ekonomya ng China sa krisis ng sobrang produksyon, laluna sa asero, semento, mga kagamitang elektroniko at iba pa. Mula 2018, bumagal na ang lokal na produksyon nito matapos ang mahigit isang dekadang mataas na tantos.

Ang China ngayon ay isang malaking imperyalistang bansa. Ang China na ang pinakamalaking nag-eeksport ng sobrang mga produkto at sobrang kapital sa buong mundo. Noong 2007, itinatag nito ang China Investment Corporation na may $200-bilyong kapital (pinakamalaking kumpanyang pamumuhunan sa mundo). Itinatag din ng China ang Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) at ang bangko ng BRICS (Brazil, Russia, India, China at South Africa) upang padaluyin ang pag-eksport ng kapital.

Isa sa malaking pinopondohan ng China ang Belt and Road Initiative (kilala rin bilang One Belt, One Road), ang proyektong pang-imprastruktura na magdudugtong ng mga bansa sa Asia, Europe at Africa sa China. Pakay ng China na higupin dito ang sobra-sobrang kapital at mga produkto ng China. Kapag nabuo, babaguhin nito ang kondukta ng kalakalan at produksyon sa tatlong malalaking rehiyon, at ilalagay ang China bilang sentro.

Sa harap ng pandaigdigang krisis ng kapitalismo, itinutulak ng China ang bagong imperyalistang hatian sa mundo. Hinahamon nito ang dominasyon ng US at nangangarap na maging isa kundi man man solong maghahari sa mabubuong bagong kaayusang internasyunal. Itinutulak nito ngayon ang "reporma sa sistema ng pandaigdigang pamamahala," na dating solong itinatakda at dinidiktahan ng US.

*Itutuloy sa susunod na isyu...* AB

## Resolusyon para sa mga magsasaka ng palay

BILANG TUGON SA sumisidhing krisis sa bigas, naghain ng resolusyon ang 53 kongresista sa pangunguna ng Makabayan Bloc noong Setyembre 19 sa Kongreso upang ipanukalang dagdagan ng ₱15 bilyon ang badyet ng National Food Authority (NFA). Gagamitin ito para sa pagbili ng 750,000 metriko-toneladang (MT) palay mula sa mga lokal na magsasaka sa halagang P20/kilo. Iginiit nila na lubhang kulang ang ipinanukalang ₱7-bilyong alokasyon ng rehimen para sa pagbili ng  Palay. Anila, makakabili lamang ng 350,000 MT palay ang halagang ito.

Para makaagapay ang sektor sa harap ng pananalasa ng Rice Liberalization Law, ipinanukala din sa resolusyon na ibenta ang bigas ng NFA sa halagang ₱27/kilo.

## Protesta laban sa panunupil

ISANG "ROGUE GALLERY" o koleksyon ng larawan ng mga pangunahing suspek sa mga paglabag sa karapatang tao ang ipinaskil ng mga nagpoprotestang aktibista sa himpilan ng Commission of Human Rights (CHR) noong Setyembre 12. Isinabay ang pagkilos sa pagdinig ng CHR hinggil sa mga atake ng estado sa mga mamamayan.

Dumalo sa nasabing pagdinig ang mga upisyal ng AFP at PNP. Para bigyang katwiran ang kanilang mga krimen, maging dito ay lantaran nilang binansagan ang mga progresibong grupo bilang ligal na prente ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ayon kay Roneo Clamor ng Karapatan, ang pagpapalaganap ng malisyosong propaganda ng AFP ay bahagi ng kampanya ng National Task Force to End Local Communist Insurgency. Patuloy silang nagpapakalat ng disimpormasyon upang isapanganib ang buhay at kabuhayan ng mga tagapagtanggol ng karapatang tao, aktibista, magsasaka, abugado at iba pa.

## Tigil pasada sa Valenzuela

SA PANGUNGUNA NG PISTON, ikinasa ng may 500 tsuper sa Valenzuela City ang kanilang tigil-pasada laban sa programang "no contact apprehension" ng lokal na pamahalaan noong Setyembre 16. Layunin ng patakaran na itaas ang multa sa mga paglabag ng batas trapiko mula sa dating minimum na ₱150 para sa unang paglabag tungong ₱1,000 hanggang ₱3,000.

Iginiit ng mga tsuper na lubhang mataas ang halagang ito sa kakayanan ng mga drayber, opereytor, at maging motorista. Binatikos din nila ang lokal na pamahalaan sa pagpapatupad ng ordinansa nang hindi man lang nagsasagawa ng pampublikong konsultasyon. Panawagan nila na ibaba ang minimum tungong ₱500. Imbis na tugunan ang kanilang kahilingan, nagbanta ang meyor ng Valenzuela na si Rex Gatchalian na kakasuhan ang lumahok sa tigil-pasada dahil umano "paglabag" ito sa kanilang prangkisa.

Sa Bacolod City, dalawang oras na nagtigil pasada at nagprotesta ang mga tsuper noong Setyembre 11 upang tutulan ang eksperimentong 45-60 araw na pagbabago ng kanilang mga ruta. Inireklamo nilang hindi na sila kumikita dahil sa layo ng kinakailangan nilang ikutan.

Nanawagan naman ang PISTON, Stop and Go at Alliance of Concerned Transport Organizations ng malawakang tigil-pasada sa Setyembre 30 para tutulan ang nakaambang pagtanggal ng mga dyip sa kalsada sa tabing ng "jeepney modernization program."

## Atake sa Saudi Arabia, isinasangkalan ng US para gipitin ang Iran

ISINASANGKALAN NG imperyalismong US ang serye ng mga atake sa dambuhalang mga planta at pasilidad sa pagpoproseso ng langis sa Abqaiq at Khurais, Saudi Arabia noong Setyembre 14 para patuloy na gipitin ang Iran.

Bagamat agad na inako ng mga milisyang Houthi, isang anti-imperyalistang kilusan ng mga minorya sa Yemen na sila ang nagpabugso ng mga misayl sa mga planta, pilit pa ring pinalalabas ni US Secretary of State Michael Pompeo na ang Iran ang nasa likod ng pang-aatake na binansagan niyang "akto ng digma." Ayon sa mga Houthi, tugon ang operasyong pananabotahe sa nagpapatuloy na agresyon at panghihimasok ng Saudi Arabia sa Yemen.

Bilang ganti, nagbanta ang pangulo ng US na si Donald Trump na magdedeploy ng dagdag na mga tropang militar at magpapataw ng bago at mas mabibigat na sangksyon sa Iran para pilayin ang ekonomya nito, kabilang ang industriya nito sa langis. Mariin namang pinasinungalingan ng Iran ang mga akusasyon at binatikos ang mga hakbang nito. Iginiit ng hepe ng Foreign Ministry ng Iran na si Mohammad Javad Zarif na "iligal at hindi makatao" ang mga pagbabantang ito sapagkat walang patumangga nitong inaatake ang ordinaryong mga mamamayan ng Iran.

Ang Saudi Arabia, na may pinakamalaking reserba ng langis sa buong mundo, ang isa sa pinakamalapit na alyado ng US sa Middle East at pinag-aangkatan nito ng aabot sa 10 milyong bariles ng langis kada araw. Ang nasirang mga planta ay nagpoprodyus ng aabot sa 5.7 milyong bariles ng langis kada araw o katumbas ng 5% ng pandaigdigang suplay. Dahil sa pang-aatake, naiulat na sumirit nang 14% tungong $62.90 kada bariles ang abereyds na presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan. Ito na ang pinakamataas na presyong naitala mula 1988. AB